IJAMS
INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 1 January 2026, eISSN: 2799-0664

# Paper Title: Mga Piling Sinaunang Kultura ng Ifugao: Kamalayan ng mga Milenyal na Mag-aaral na nasa Unang Tersarya ng Ifugao State University

**Leudane L. Loñez**
Ifugao State University, Lamut Campus, Nayon, Lamut, Ifugao
lonezleudane82@gmail.com

*Abstract* — Ang hindi maiiwasang pag-usbong ng modernisasyon at mabilis na paglaganap ng globalisasyon na ito ay may mga positibo at negatibong epekto, at isa na sa mga negatibong epekto nito ay ang pagbabago sa katutubong kultura ng mga Ifugao. Dahil dito, unti-unti nang nawawala ang yamang kultural at marami sa mga kabataang Ifugao ang banyaga na sa kultura at tradisyon ng mga ninuno. Kaya, napili ng mananaliksik na pag-aralan ang kamalayan *(awareness)* ng mga milenyal na mag-aaral sa mga piling sinaunang kultura ng mga Ifugao para masariwa, manumbalik at maagaw ang atensyon ng mga kabataan bago pa mahuli ang lahat. Ang *"Descriptive Survey Research Design*", ang ginamit sa pag-aaral na ito at gumamit ng talatanungan (survey questionnaire) para makalikom ng mga datos. Ipinamudmod ang mga talatanungan sa tatlong-daan apatnaput-apat (344) na mga tagatugon na mga mag-aaral ng Ifugao State University. Bilang resulta ng pag-aaral, may kamalayan *(aware*) ang mga milenyal na mag-aaral sa iba't ibang piling sinaunang kultura ng mga Ifugao na karamihan sa mga ito ay nasa labinsiyam (19) na taong gulang. Medyo matindi rin ang kamalayan *(much aware)* sa mga piling sinaunang kultura tulad ng; Moma, Imbango, Momon, Goguie at Ik-ikalon; Honga o Yabyab; Bohwat; at Bogwa. Subalit, batay sa resulta ng interbyu kung alam nila itong aktwal na isagawa, ang naging sagot nila ay **di-masyado.** Walang makabuluhang pagkakaiba *(no significant difference)* ang kamalayan *(awareness)* ng mga mag-aaral ayon sa kanilang profayl. Subalit, masasalamin sa resulta ng istadistika na ang kinabibilangang pangkat-etniko *(ethnic affilliation)* ay may malaking impluwensiya sa kamalayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang piling sinaunang kultura ng mga Ifugao. Kaya bilang rekomendasyon, iminumungkahi na paigtingin pa at magkaroon ng iba pang pag-aaral hinggil sa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

indibidwal na piling sinaunang kultura ng mga Ifugao para masinsinang mapag-aralan ang mga detalye at malalimang mabusisi ang dahilan kung bakit hindi bihasa ang mga milenyal sa kanilang kultura. Ang pagsasagawa ng *impact analysis study* hinggil naman sa isasagawang serye ng *cultural recovery training workshops* ay makatutulong nang malaki para maisakatuparan ang unang hakbang para sa pag-agaw ng atensyon ng mga mag-aaral para yakaping muli ang kanilang kultura na yaman ng lahi.

***Keywords: Kamalayan; Piling Sinaunang Kultura; Milenyal***

## I. PANIMULA

Ang kultura o pamamaraan ng pamumuhay ay laging kakambal ng pagkatao ng isang tao. Kung paano siya umasta, umasal, at pati pa ang kanyang perspektibo sa buhay ay naka-angkla sa kulturang kinagisnan. Ngunit habang nagdaraan ang panahon ay nababago ito dulot ng modernisasyon at *digital* na panahon.

Pinatutunayan ito sa resulta ng pag-aaral ni Nick (2013) na may pamagat na "*Traditional Culture and Modern Culture: Man's Fall from Grace*". Dito binigyang-diin niya na noon sa tradisyonal na kultura ng mga Amerikano, ito ay naka-angkla sa kung paano makitungo sa kapwa tao, ngunit dahil sa modernong panahon ang tradisyon ay naging moderno rin at ang tuon ay sa kapangyarihan at materyal na tinatangkilik at hindi na sa relasyon sa kapwa.

Sa isang pag-aaral na nalathala sa isang dyornal na may pamagat na *"Modernization, Cultural Change, and the Persistence of Traditional Values"* nina Ronald Inglehart at Wayne E. Baker (2000), ay napag-alaman na may malawakang pagbabago sa kultura at iba't ibang tradisyon na dulot ng pag-angat ng ekonomiya. Ang pag-unlad at modernisasyon ay may kaugnayan sa ganap na pagbabago ng nakasanayan ng mga tao gaya ng pag-uugali at pagtingin sa buhay.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Isa pang pag-aaral ang nagpapatunay nito na habang nagdaraan ang panahon ay nawawala ang kultura ng isang bansa. Ang pag-aaral na may pamagat na "*Modernization and Culture Loss: A Natural Experiment Among Native Amazonians in Bolivia".* Napag-alaman batay sa resulta ng pag-aaral na ang mga matatanda ay napanatili ang kanilang kultura ngunit ang mga kabataan ay nahaluan na ang kanilang pag-uugali ng mga ugaling dayuhan. Lumabas din sa pag-aaral na ang modernisasyon ay nagdudulot ng malaking epekto sa oryentasyon sa kultura ng mga kabataan, na nag-aalis sa mga lokal na kulutra at napapalitan sa mga makabagong pag-uugali (Jovel, Undurraga, Magvanjav, Gravlee, Huanca, Leonard, McDade, Garcia, Tanner, TAPS Bolivia Study Team, and Godoy, 2012).

Dala rin ng modernisasyon ay ang pandarayuhan ng mga mangangalakal, pagkalat ng relihiyon at pag-aasawa sa ibang lahi.

Ito ay napatunayan sa resulta ng pag-aaral ni Huanca (2008) na ang mga misyonaryong Protestante ang nagbawal sa mga tradisyonal na panggagamot at makalumang paniniwala sa mga tao. Ngunit ang karamihan sa naimpluwensiyahan ay ang mga kabataan at hindi ang mga matatanda na napanatili ang kanilang lokal na kultura.

Sa kabilang dako, dala rin ng modernisasyon ang pag-unlad ng teknolohiya na kung saan ay nahati rin sa dalawang panahon. Ang kapansin-pansin dito ay ang pagkakaiba sa mga hilig at pag-uugali na naghihiwalay sa kanila sa naunang henerasyon. Isa na rito ang pagkahumaling at pagkahilig ng mga milenyal sa teknolohiya (Dolby, 2014). Dahil sa mataas na pagkahilig sa paggamit ng teknolohiya, sila ay tinaguriang *"digital natives"* (McAlister, 2009). Sa mabilis na pagbabago ng panahon lalo na sa pag-usbong ng teknolohiya at mataas na pangangailangan sa *internet access*, ang mga milenyal ang unang henerasyon na naisabak sa komplikadong mundo ng midya mula pagkabata. Bilang resulta, kakaiba ang pamamaraan ng komunikasyon at pag-iisip ng mga mag-aaral na milenyal kung ihahambing sa naunang henerasyon ng mag-aaral dahil ang sentro ng pamumuhay ng milenyal ay sa paggamit ng teknolohiya (Nicoletti & Merriman, 2007, p. 30).

Samakatuwid, pinatutunayan lamang na nagbabago rin ang prayoridad ng mga tao at ito ay nakaaapekto sa sinaunang kultura at pamana ng mga ninuno. Ang ating bansa ay hindi rin ligtas sa mga pagbabagong ito.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Ayon sa isang *blogger* sa *internet* na si Jezzah Mai (2016), ang Pilipinas ay isa sa mga bansang may pinakamayamang kultura at kaugalian na tinatangkilik at pinapahalagahan ng bawat mamamayang Pilipino. Ngunit sa paglipas ng mga dekada, tila napakabilis ng mga pagbabago ng mga Pilipino. Maaaring ito'y dulot ng makabagong teknolohiya at agham o di kaya'y mula sa modernong pag-iisip na nakukuha sa malawakang impluwensya mula sa Estados Unidos at iba pang banyagang bansa.

Ang pagiging moderno ngayong panahon at pagyabong ng kaalaman ay naglalayo sa atin sa mga bagay na kinagisnan. Ang kapansin-pansin na unang naapektuhan dito ay ang paraan ng pamumuhay, pag-uugali at pag-iisip. Ang sinaunang kultura ang pinakaapektuhan dito at ito ay malimit na nangyayari lalo na sa isang komunidad na gustong sumabay sa agos ng buhay.

Kaya, sinabi ni Jison (2013) sa kanyang artikulo na pinamagatang "Ang Kahalagahan ng mga Pa-yo sa Kalinangan at Lipunang Ifugao" na hindi maiiwasan ang pag-usbong ng modernisasyon sa mga Ifugao. Mabilis ang paglaganap ng globalisasyon. Ito ay may mga positibo at negatibong epekto, at isa na sa mga negatibong epekto nito ay ang pagbabago sa katutubong kultura ng mga Ifugao.

Samakatuwid, tama ang naging obserbasyon ni Dulawan (2005) na unti-unti nang nawawala ang yamang kultural at marami sa mga kabataang Ifugao ang banayaga na sa kultura at tradisyon ng mga ninuno.

Ayon sa pag-aaral ni Gonzales (2009), ang mga Ifugao ay nagsasagawa ng mga ritwal sa iba't ibang larangan sa gaya ng sa kalusugan, pulitika, at agrikultura. Ang ilan sa mga ritwal ay isinasagawa rin para sa pagpapagaling ng sakit, pagtawag sa mga immortal, patnubay, proteksiyon, at pagpapasalamat.

Ayon pa kay Gonzales (na mula kay Shriner, 2007), ang ritwal ng mga Ifugao ay nagbibigay ng karunungang pagkakakilanlan at nakatutulong ang mga sinaunang kaugaliang ito para makabuo ng kamalayan at koneksiyon sa ating mga ninuno at sa mga susunod na henerasyon. Ang debelopmental na transisyon ay nagbibigay ng oportunidad at mga hamon para magkaroon

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

ng negosasyon sa mga nakagawian na at ito ay nakabubuo ng kapaki-pakinabang na mga ritwal na magagamit para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang elaboradong ritwal ay may napakahalagang papel na ginagampanan sa kultura ng mga Ifugao. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga detalye at simbolismo sa mga galaw sa pagsasagawa ng ritwal ay mababanaag ang kahalagahan nito sa buhay ng mga tao Ifugao. Ang nakakatakot sa panahon ngayon ay nawawala na ang mga ritwal na ito dulot ng pagbabagong-isip at relihiyon. Dagdag pa rito ang pagbabago na ng prayoridad at estilo ng pamumuhay ng mga Ifugao. Kaya, mahalaga na saliksikin ito dahil ito ang isang paraan para sa preserbasyon ng mga kultura na hitik sa yaman at sariling atin (Gonzales, 2009).

Napapanahon ang pananaliksik na ito para alamin ang kamalayan ng mga kabataang Ifugao sa mga piling sinaunang kultura para mapanatili ang kaalaman at maisalin pa ito sa susunod na henerasyon. Ang mga sinaunang kaugalian ay napakahalaga na masialin sa mga milenyal dahil ito ang pagkakalinlan *(identity)* at kultura ang tanging yaman ng mga Ifugao na puwedeng ipagmalaki sa iba. Ang resulta ng pag-aaral para sa mga kaukulang plano na nakatutulong para sa *Cultural Recovery* ng mga kabataang milenyal na Ifugao.

**Kaugnay na Literatura**

Katulad ng naunang henerasyon, ang mga milenyal ay may mga katangiang namumukod-tangi sa iba pang henerasyon. Ang kapansin-pansin dito ay ang pagkakaiba sa mga hilig at pag-uugali na naghihiwalay sa kanila sa naunang henerasyon. Isa na rito ang pagkahumaling at pagkahilig ng mga milenyal sa teknolohiya (Dolby, 2014). Dahil sa mataas na pagkahilig sa paggamit ng teknolohiya, sila ay tinaguriang *"digital natives"* (McAlister, 2009). Sa mabilis na pagbabago ng panahon lalo na sa pag-usbong ng teknolohiya at mataas na pangangailangan sa *internet access*, ang mga milenyal ang unang henerasyon na naisabak sa komplikadong mundo ng midya mula pagkabata. Bilang resulta, kakaiba ang pamamaraan ng komunikasyon at pag-iisip ng mga mag-aaral na milenyal kung ihahambing sa naunang henerasyon ng mag-aaral dahil ang sentro ng pamumuhay ng milenyal ay sa paggamit ng teknolohiya (Nicoletti & Merriman, 2007, p. 30).

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Ang mga milenyal ay pinaniniwalaang ipinanganak sa pagitan ng taong 1982 hanggang 2002 (McAlister, 2009). Kaya bilang mag-aaral, sila ay inilarawang mataas ang tiwala sa sarili, makasarili, alagang-alaga, palaging pinagbibigyan, at walang pakialam sa iba (Dolby, 2014; McAlister, 2009; Twenge, 2009).

Pinatotohanan ito ni Nick (2013) sa kanyang pag-aaral na may pamagat na "*Traditional Culture and Modern Culture: Man's Fall from Grace*" binigyang-diin niya na noon sa tradisyonal na kultura ng mga Amerikano, ito ay naka-angkla sa kung paano makitungo sa kapwa tao, ngunit dahil sa modernong panahon ang tradisyon ay naging moderno rin at ang tuon ay sa kapangyarihan at materyal na tinatangkilik at hindi na sa relasyon sa kapwa.

Ayon pa sa isang blogger sa internet na si Jezzah Mai (2016), binanggit niya na ang Pilipinas ay isa sa mga bansang may pinakamayamang kultura at kaugalian na tinatangkilik at pinapahalagahan ng bawat mamamayang Pilipino. Ngunit sa paglipas ng mga dekada, tila napakabilis ng mga pagbabago ng mga Pilipino. Maaaring ito'y dulot ng makabagong teknolohiya at agham o di kaya'y mula sa modernong pag-iisip na nakukuha sa malawakang impluwensya mula sa Estados Unidos at iba pang banyagang bansa.

May epekto rin ito sa ating lalawigan at bilang katunayan, sinabi ni Jison (2013) sa kanyang artikulo na pinamagatang "Ang Kahalagahan ng mga Pa-yo sa Kalinangan at Lipunang Ifugao" na hindi maiiwasan ang pag-usbong ng modernisasyon sa mga Ifugao. Mabilis ang paglaganap ng globalisasyon. Ito ay may mga positibo at negatibong epekto, at isa na sa mga negatibong epekto nito ay ang pagbabago sa katutubong kultura ng mga Ifugao.

Samakatuwid, tama ang naging obserbasyon ni Dulawan (2005) na unti-unti nang nawawala ang yamang kultural at marami sa mga kabataang Ifugao ang banyaga na sa kultura at tradisyon ng mga ninuno.

Kaya binigyang-diin ang kahalagahan ng kamalayan sa kultura *(cultural awareness)* na ito ang pundasyon ng komunikasyon at ang kakayahang panindigan ang ating sarili sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kamalayan sa kultura, paniniwala, at persepsiyon (Quappe at Cantatore 2007:1). Sa pamamagitan ng paglinang ng kamalayan sa kultura, tayo ay nagkakaroon ng pag-

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

unawa sa sarili, pagkilala sa ugat na pinagmulan, paggalang sa pinagmulang kultura ng iba, at paggalang sa pagkakaroon ng iba-ibang kultura *(cultural differences)* para sa pang-mundong pagkakaisa (Merk 2003:2). Sa ganito, ang kamalayan sa kultura ng iba ay nagbibigay ng misteryosong pagkilala sa kultura nila na nagdudulot ng mas malawak na pagtingin, kaya, ito ay nakapag-aambag ng pag-unawa sa sariling kultura at ang kabutihan nito. Ito rin ay nagbibigay-daan para magkaroon ng kamalayan ang ibang tao sa iba't ibang kultura ng bawat bansa, na nakapagpapataas ng kanilang pansariling-kamalayan (Etus 2008). Ang pagkakaroon ng mataas na kamalayan sa kultura ay nangangahulugang mas nauunawaan ang negatibo at positibong aspeto sa pagkakaiba-iba ng kultura *(cultural differences).*

Gaya nga ng nabanggit, ang mga Ifugao ay mayaman sa kultura. Ayon sa pag-aaral ni Gonzales (2009), ang mga Ifugao ay nagsasagawa ng mga ritwal sa iba't ibang larangan gaya ng sa kalusugan, pulitika at agrikultura. Ang ilan sa mga ritwal ay isinasagawa rin para sa pagpapagaling ng sakit, pagtawag sa mga immortal, patnubay, proteksiyon, at pagpapasalamat.

Ayon pa kay Gonzales (na mula kay Shriner, 2007), ang ritwal ng mga Ifugao ay nagbibigay ng karunungang pagkakakilanlan at nakatutulong ang mga sinaunang kaugaliang ito para makabuo ng kamalayan at koneksiyon sa ating mga ninuno at sa mga susunod na henerasyon. Ang debelopmental na transisyon ay nagbibigay ng oportunidad at mga hamon para magkaroon ng negosasyon sa mga nakagawian na at ito ay nakabubuo ng kapaki-pakinabang na mga ritwal na magagamit para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang elaboradong ritwal ay may napakahalagang papel na ginagampanan sa kultura ng mga Ifugao. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga detalye at simbolismo sa mga galaw sa pagsasagawa ng ritwal ay mababanaag ang kahalagahan nito sa buhay ng mga tao Ifugao. Ang nakakatakot sa panahon ngayon ay nawawala na ang mga ritwal na ito dulot ng pagbabagong-isip at relihiyon. Dagdag pa rito ang pagbabago na ng prayoridad at estilo ng pamumuhay ng mga Ifugao. Kaya, mahalaga na saliksikin ito dahil ito ang isang paraan para sa preserbasyon ng mga kultura na hitik sa yaman at sariling atin (Gonzales, 2009).

Napapanahon ang pananaliksik na ito para alamin ang kamalayan ng mga kabataang Ifugao sa mga piling sinaunang kultura para mapanatili ang kaalaman at maisalin pa ito sa susunod na

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 1 January 2026, eISSN: 2799-0664

henerasyon. Ang mga sinaunang kaugalian ay napakahalaga na maisalin sa mga milenyal dahil ito ang pagkakalinlan *(identity)* at kultura ang tanging yaman ng mga Ifugao na puwedeng ipagmalaki sa iba. Ang resulta ng pag-aaral para sa mga kaukulang plano na nakatutulong para sa *Cultural Recovery* ng mga kabataang milenyal na Ifugao.

## II. METHODOLOGY

### Disenyo ng pag-aaral

Ang metodolohiya na ginamit sa pag-aaral na ito ay ang *mixed method* - palarawan *(descriptive)* at *interview*. Maraming uri ang deskriptibong pananaliksik, ngunit napili ng mananaliksik na gamitin ang *"Descriptive Survey Research Design",* na gagamit ng talatanungan *(survey questionnaire)* para makalikom ng mga datos. Naniniwala ang mananaliksik na angkop ang *mixed method* sapagkat mas mapadadali ang pangangalap ng datos mula sa maraming tagatugon o *respondent.*

Ginamit ang *sampling* gamit ang *Slovin's Formula* para matukoy kung ilang mag-aaral ang kasama sa mga tagatugon sa bawat kurso sa buong Pamantasan. Ang *One Way ANOVA* ay ginamit upang matukoy ang lalim/tindi ng pagkakaiba sa kamalayan kung napangkat ang mga mag-aaral ayon sa kanilang profayl.

### Mga Tagatugon sa Pag-aaral

May kabuoang tatlong daan apatnaput-apat (344) na *Freshmen Students* na tagatugon *(respondents)* ang aktibong nakibahagi sa proseso ng pagkuha ng datos na mula sa tatlong pangunahing tribo ng Ifugao (Tuwali, Ayangan, Kalanguya) at iba pang tribo tulad ng Ilokano, Isabelinos, Tagalogs, at iba pa na hindi kabilang sa tribong Ifugao.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| Profayl ng Tagatugon | Frequency (f) | Percentage (%) |
|---|---|---|
| **Gulang** | | |
| 16 y/o | 0 | 0% |
| 17 y/o | 15 | 4.40% |
| 18 y/o | 90 | 26.20% |
| 19 y/o | 132 | 38.40% |
| 20 y/o | 63 | 18.30% |
| 21 y/o | 20 | 5.80% |
| 22 y/o | 7 | 2% |
| 23 y/o | 6 | 1.70% |
| 24 y/o | 4 | 1.20% |
| 25 y/o | 7 | 2% |
| **Kabuoan** | **344** | |

## Instrumentong ginamit sa Pag-aaral

Ang mananaliksik ay gumamit ng *mixed method* - palarawan *(descriptive)* at *interview*. Maraming uri ang deskriptibong pananaliksik, ngunit napili ng mananaliksik na gamitin ang *"Descriptive Survey Research Design",* na gagamit ng talatanungan *(survey questionnaire)* para makalikom ng mga datos.

## Paraan ng Pangangalap ng Datos

Ang mga *survey questionnaire* ay naipamudmod sa mga tagatugon at pagkatapos sagutan ay nagkaroon ng *interview* para mabalido ang mga sagot.

## Pagsusuri at Estatistikang Pagpapakahulugan sa mga Datos

Ginamit ang *sampling* gamit ang *Slovin's Formula* para matukoy kung ilang mag-aaral ang kasama sa mga tagatugon sa bawat kurso sa buong Pamantasan. Ang *One Way ANOVA* ay ginamit upang matukoy ang lalim/tindi ng pagkakaiba sa kamalayan kung napangkat ang mga mag-aaral ayon sa kanilang profayl.

Ang *typical cut-off point* ng *0.05 alpha value* ay nagamit upang tukuyin kung tatanggapin o hindi ang *null hypothesis* ng pag-aaral na ito. Ito ang tinatawag na *most common level*, para

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

masiguro na kapanipani-wala ang resulta sa 95%, ibig sabihin, dapat ay may 95% *probability value* para masabi na ang resulta ay katanggap-tanggap o *probably true.*

Ang Talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng iskalang ginamit para sa *qualitative description* sa bawat iprinesentang *range*.

| Scale | Range | Qualitative Description |
|---|---|---|
| 4 | *3.50-4.49* | *Matindi ang kamalayan (Very much aware)* |
| 3 | *2.50-3.49* | *Medyo matindi ang kamalayan (Much aware)* |
| 2 | *1.50-2.49* | *May kamalayan (Aware)* |
| 1 | *0.01 - 1.49* | *Walang kamalayan (Not aware)* |

## III. RESULTS AND DISCUSSION

Ang bahaging ito ay tatalakay sa buod ng resulta na nagpapakita ng normal na distribusyon ng profayl ng mga tagatugon *(respondents' profile)*, promedyo *(means)* at standard deviations ng mga sagot bawat kategorya katulad ng edad, kurso at kinabibilangang Pangkat-etniko at ang paggamit ng One-Way Analysis of Variance *(ANOVA)* upang tasahin kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng profayl ng mga tagatugon *(independent variables)* at iba't ibang kultura ng Ifugao *(dependent variables)*. Ang mga datos ay tatalakayin batay sa resulta ng istadistika.

### A. Normal na Distribusyon ng mga Tagatugon *(Respondents)* ayon sa Profayl: Porsyento at *Frequency Counts*

Ang Unang Talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng normal na distribusyon ng mga tagatugon *(respondents)* ayon sa iba't ibang kategorya bawat profayl, na inilarawan ayon sa resulta ng *Percentage at Frequency counts*. May kabuoang tatlong daan apatnaput-apat (344) na tagatugon *(respondents)* ang aktibong nakibahagi sa proseso ng pagkuha ng datos na mula sa tatlong pangunahing tribo ng Ifugao (Tuwali, Ayangan, Kalanguya) at iba pang tribo tulad ng Ilokano, Isabelinos, Tagalogs at iba pa na hindi kabilang sa tribong Ifugao. Ang *samples* ay nahati sa kategoryang gulang *(age),* mula gulang labing-anim (16) hanggang dalawamput-lima (25) at

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 1 January 2026, eISSN: 2799-0664

ang mga *samples* ay pawang mga mag-aaral mula sa iba't ibang kolehiyo na ipinaglilingkod ng Ifugao State University.

Gamit ang *Formula p = f/N*, ito ang bilang ng mga tagatugon *(respondents)* sa bawat kategorya ng profayl. **Sa profayl na gulang *(age)*,** lumabas na sa kabuong bilang ng mga tagatugon *(respondents)* na tatlong daan apatnaput-apat (344), isandaan tatlumput-dalawa (132) tagatugon *(respondents)* ang may gulang na labinsiyam (19), na may porsyentong 38.40% at nangunguna sa kabuoang bilang ng tagatugon *(respondents)*. Pumapangalawa ang may kabuoang bilang ng mga tagatugon *(respondents)* na siyamnapu (90) na ang gulang ay labingwalo (18), na may porsyentong 26.20% sa kabuoang bilang ng mga tagatugon, animnaput-tatlo (63) naman ang may gulang na dalawampu (20) na may porsyentong 18.30%, dalawampung (20) tagatugon naman ang may dalawampu't isang (21) gulang na may 5.80% bahagdan, labinlimang (15) tagatugon ang may gulang na labimpito (17) may kabuoang bahagdan na 4.40%, pitong tagataugon (7) ang gulang dalawampu't dalawa (22) na may dalawang bahagdan (2%), pitong tagatugon (7) din ang may gulang na dalawampu't lima (25) na may dalawang bahagdan (2%), anim na tagatugon (6) ang may dalawampu't tatlong gulang (23) na may kabuoang porsyento na 1.70%, apat na tagatugon (4) ang dalawampu't apat (24) na taong gulang na may 1.20% bahagdan at walang (0) tagatugon na labing-anim (16) ang edad.

Ang libinsiyam (19) na gulang ang pinakamarami sa mga tagatugon dahil ito ang unang produkto ng pagpapatupad sa K-12 program ng DepEd na may karagdangang dalawang taon sa hayskul. Ang gulang/edad ng mga nasa unang tersarya bilang mga tagatugon ay katamtaman para malaman kung ang mga milenyal ba ay bihasa o hindi sa mga sinaunang piling kultura.

**Sa profayl na kurso** *(course),* ipinakikita ng Unang Talahanayan na walumpu't dalawang (82) tagatugon ang may kursong *Diploma in Agricultural Technology (DAT)*, na may kabuoang bahagdan na 24.10% at ito ang naitalang pinakamarami sa mga naging tagatugon *(respondents)*. Sumunod ang may bilang na limampu't apat (54) na mag-aaral na may kursong *Bachelor of Science in Tourism (BST)*, na may kabuoang porsiyentong 15.70%, apatnapu't tatlong (43) mag-aaral naman ay mula sa *Bachelor of Science in Criminology (BSCrim)* na may kabuoang bahagdan na 12.50%, tatlumpu't pitong (37) mag-aaral naman ay mula sa *Bachelor of Science in Information*

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

*Technology (BSIT)* na may kabuoang bahagdan na 10.80%, tatlumpu't lima (35) na mag-aaral ay mula sa kursong *Bachelor of Science in Nursing (BSN)* na may kabuoang bahagdan na 10.20%, dalawampu't pitong (27) mag-aaral ay mula sa kursong *Bachelor of Science in Psychology (BSPsychology)* na may kabuoang bahagdan na 7.80%, dalawampu't anim (26) ay mula sa kursong *Bachelor of Science in Secondary Education (BSE)* na may bahagdan na 7.60%, labingwalo (18) na mag-aaral ay mula sa *Bachelor of Science in Agriculture (BS Agriculture)* na may kabuoang 5.20% bahagdan, labing-isa (11) na mag-aaral naman ang mula sa *Bachelor of Science in Home Technology (BSHT)* na may bahagdan na 3.20% at sampu (10) naman na mag-aaral ang mula sa *AB Political Science* na may kabuoang 2.90% bahagdan.

Bilang panghuli ay **ang profayl na Kinabibilangang Pangkat-etniko** *(ethnic affiliation)*, ipinakikita ng Unang Talahanayan na isandaan pitumpu't pito (177) na mga tagatugon ay kabilang sa tribong Tuwali, na may pinakamataas na bahagdan na 51.45%. Sumunod ang Ayangans na may isandaan at limang (105) bilang ng mga tagatugon, na may kabuoang bahagdan na 30.52%, tatlumpu't pito (37) na mga tagatugon ay Kalanguya na may kabuoang 10.76% na bahagdan at dalawampu't lima (25) na tagatugon lamang ang hindi kabilang sa tribong Ifugao na may pinakamababang bahagdan na 7.27%.

Ang resulta ng kinabibilangang pangkat-etniko na kung saan ang pinakamarami sa mga tagatugon ay kabilang sa tribong Tuwali ay nagpapatunay na ang probinsiya ng Ifugao ay tribong Tuwali ang nangunguna, sumusunod ang Ayangan at ang Kalanguya. Bilang katunayan, ayon sa PTV News sa artikulo nitong *"Ifugao's Tuwali dialect gets 2nd Filipino language monument (2018)*", ang dayalektong Tuwali ay sinasalita ng mga Ifugao na naninirahan sa mga munisipiyo ng Kiangan, Hingyon, Hungduan, Asipulo, Lagawe, Banaue, at ilang bahagi ng Lamut, o pito sa labindalawang (12) mga munisipyo ng Ifugao sa Hilagang bahagi ng Pilipinas.

Tuwali ang katutubong wika ng mga Ifugao na nanirahan dito at bumuo sa pamosong hagdang-hagdang palayan ng Banaue na kinikilala ng UNESCO bilang bahagi ng *cultural heritage.*

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**TALAHANAYAN 1: PROFAYL NG MGA TAGATUGON *(RESPONDENTS)***

| Profayl ng Tagatugon | | Frequency (f) | Percentage (%) |
|---|---|---|---|
| **Gulang** | | | |
| | 16 y/o | 0 | 0% |
| | 17 y/o | 15 | 4.40% |
| | 18 y/o | 90 | 26.20% |
| | 19 y/o | 132 | 38.40% |
| | 20 y/o | 63 | 18.30% |
| | 21 y/o | 20 | 5.80% |
| | 22 y/o | 7 | 2% |
| | 23 y/o | 6 | 1.70% |
| | 24 y/o | 4 | 1.20% |
| | 25 y/o | 7 | 2% |
| **Kurso** | | | |
| | BSIT | 37 | 10.80% |
| | BSE | 26 | 7.60% |
| | BSN | 35 | 10.20% |
| | ABPS | 10 | 2.90% |
| | BSPsy | 27 | 7.80% |
| | BST | 54 | 15.70% |
| | BSAgri | 18 | 5.20% |
| | DAT | 83 | 24.10% |
| | BSHT | 11 | 3.20% |
| | BSCrim | 43 | 12.50% |
| **Pangkat Etniko** | | | |
| | Tuwali | 177 | 51.45% |
| | Ayangan | 105 | 30.52% |
| | Kalanguya | 37 | 10.76% |
| | Others | 25 | 7.27% |

**B. Tindi ng Kamalayan sa Kulturang Ifugao ayon sa Profayl *(Level of Awareness on Ifugao Cultures according to Profile)***

Ang mga Talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng *computed mean (average)* mula sa nakuhang datos sa pamamagitan ng *survey*. Ang mga datos ay inanalisa sa pamamagitan ng *descriptive statistics* mula sa *standard deviation (variation of values in between values)* at *mean (average)*. Ang Talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng iskalang ginamit para sa *qualitative description* sa bawat iprinesentang *range*.

| Scale | Range | Qualitative Description |
|---|---|---|
| **4** | *3.50-4.49* | *Matindi ang kamalayan (Very much aware)* |
| **3** | *2.50-3.49* | *Medyo matindi ang kamalayan (Much aware)* |
| **2** | *1.50-2.49* | *May kamalayan (Aware)* |
| **1** | *0.01 - 1.49* | *Walang kamalayan (Not aware)* |

**TALAHANAYAN 2: KAMALAYAN SA KULTURA AYON SA GULANG/EDAD *(CULTURE AWARENESS ACCORDING TO AGE)***

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 1 January 2026, eISSN: 2799-0664

Ang Ikalawang Talahanayan ay nagpapakita na ang mga tagatugon ay **may kamalayan** sa iba't ibang kultura ng Ifugao na inirerepresenta ng kabuoang *computed mean* na 2.07. Karamihan sa mga tagatugon sa bawat gulang/edad na sila ay may kamalayan sa iba't ibang kultura ng Ifugao na may kabuoang bahagdan *(means)* na nasa *range* na 1.50 – 2.49. Ang *standard deviation* ng mga tugon *(responses)* ay nagpapakita ng konsistent na mababang *variation* ngunit karamihan sa mas konsistent na mga tugon *(responses)* ay makikita sa edad na nasa kategoryang edad 10. Ang kahulugan nito ay mas konsistent sila sa kanilang tugon *(responses)* at ang kanilang tugon ay maaaring tama.

Ang resulta ay akma sa kahalagahan ng kamalayan sa kultura *(cultural awareness)* na ito ang pundasyon ng komunikasyon at ang kakayahang panindigan ang ating sarili sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kamalayan sa kultura, paniniwala, at persepsyon (Quappe and Cantatore 2007:1). Sa pamamagitan ng paglinang ng kamalayan sa kultura, tayo ay nagkakaroon ng pag-unawa sa sarili, pagkilala sa ugat na pinagmulan, paggalang sa pinagmulang kultura ng iba, at paggalang sa pagkakaroon ng iba-ibang kultura *(cultural differences)* para sa pang-mundong pagkakaisa (Merk 2003:2). Sa ganito, ang kamalayan sa kultura ng iba ay nagbibigay ng misteryosong pagkilala sa kultura nila na nagdudulot ng mas malawak na pagtingin, kaya, ito ay nakapag-aambag ng pag-unawa sa sariling kultura at ang kabutihan nito. Ito rin ay nagbibigay-daan para magkaroon ng kamalayan ang ibang tao sa iba't ibang kultura ng bawat bansa, na nakapagpapataas ng kanilang pansariling-kamalayan (Etus 2008). Ang pagkakaroon ng mataas na kamalayan sa kultura ay nangangahulugang mas nauunawaan ang negatibo at positibong aspeto sa pagkakaiba-iba ng kultura *(cultural differences).*

Gaya nga ng nabanggit, ang mga Ifugao ay mayaman sa kultura. Ayon sa pag-aaral ni Gonzales (2009), ang mga Ifugao ay nagsasagawa ng mga ritwal sa iba't ibang larangan gaya ng sa kalusugan, pulitika at agrikultura. Ang ilan sa mga ritwal ay isinasagawa rin para sa pagpapagaling ng sakit, pagtawag sa mga immortal, patnubay, proteksiyon, at pagpapasalamat.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| Age | Std. Deviation | Mean | Qualitative Description |
|---|---|---|---|
| ***17 years old*** | 1.05 | 2.16 | May kamalayan |
| ***18 years old*** | 1.04 | 2.17 | May kamalayan |
| ***19 years old*** | 1.04 | 2.13 | May kamalayan |
| ***20 years old*** | 1.01 | 2.05 | May kamalayan |
| ***21 years old*** | 1.09 | 2.42 | May kamalayan |
| ***22 years old*** | 1.19 | 2.50 | May kamalayan |
| ***23 years old*** | 0.87 | 1.79 | May kamalayan |
| ***24 years old*** | 1.16 | 1.90 | May kamalayan |
| ***25 years old*** | 0.76 | 1.48 | May kamalayan |
| | ***Over-all*** | **2.07** | ***May kamalayan*** |

**TALAHANAYAN 3: KAMALAYAN SA KULTURA AYON SA KURSO**

Ipinakikita ng Ikatlong Talahanayan na ang mga tagatugon ay may kamalayan sa iba't ibang kultura ng Ifugao na may kabuoang computed mean na 2.24. Karamihan sa mga tagatugon bawat kurso ang nagsabing may kamalayan sila sa iba't ibang kultura ng Ifugao na may prmedyong *(means)* sumasaklaw mula 1.50 – 2.49 maliban sa mga tagatugon sa kursong Bachelor of Science in Hometechnology (BSHT) na nagsasabing sila ay may medyo matinding kamalayan sa iba't ibang kultura ng Ifugao na ipinahahayag ng promedyo *(mean)* ng kanilang tugon na 2.58. Ang *standard deviation* ng kanilang tugon ay nagpapakita ng konsistent na mababang *variation* ngunit ang karamihan sa mga konsistent na tugon ay ipinakikita ng mga tagatugon mula sa kursong Bachelor of Science in Psychology (BSP). Ito ay nangangahulugang ang kanilang tugon ay mas konsistent at ang kanilang tugon ay maaaring tama.

| Course | Std. Deviation | Mean | Qualitative Description |
|---|---|---|---|
| ***BSIT*** | 1.10 | 2.11 | May kamalayan |
| ***BSE*** | 0.96 | 2.01 | May kamalayan |
| ***BSN*** | 1.04 | 2.48 | May kamalayan |
| ***ABPS*** | 1.03 | 2.74 | May kamalayan |
| ***BSP*** | 0.88 | 2.04 | May kamalayan |
| ***BST*** | 0.96 | 2.08 | May kamalayan |
| ***BSA*** | 1.02 | 2.35 | May kamalayan |
| ***DAT*** | 1.00 | 2.03 | May kamalayan |
| ***BSHT*** | 1.13 | 2.58 | Medyo matindi ang kamalayan |
| ***BSC*** | 1.09 | 2 | May kamalayan |
| | ***Over-all*** | **2.24** | ***May kamalayan*** |

**TALAHANAYAN 4: KAMALAYAN SA KULTURA AYON SA KINABIBILANGANG PANGKAT-ETNIKO**

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 1 January 2026, eISSN: 2799-0664

Ipinakikita ng Ikaapat na Talahanayan na ang mga tagatugon ay may kamalayan sa iba't ibang kultura ng mga Ifugao na inirerepresenta ng kabuoang computed mean na 2.02. Karamihan sa mga tagatugon bawat pangkat-etniko ang nagsabing sila ay may kamalayan sa iba't ibang kultura ng mga Ifugao na naka-angkla sa promedyo *(mean)* na naglalaro mula 1.50 – 2.49. Ang *standard deviation* ng mga tugon ay konsistent sa mababang *variation* ngunit karamihan sa konsistent na mga tugon ay mula sa Pang-etniko 4 o iba pang pangkat na kategorya. Ito ay nangangahulugang ang kanilang tugon ay mas konsistent at ang kanilang tugon ay maaaring tama.

Ang iba't ibang pangakat-etniko sa Ifugao ay nagsabing sila ay may kamalayan sa sinaunang piling kultura. Sa apat na deskripsyon ng kamalayan, una, matindi ang kamalayan, pangalawa, medyo matindi ang kamalayan, pangatlo, may kamalayan, at ang panghuli, walang kamalayan ay isa sa mga katunayan na ang may kamalayan na antas ay maituturing na mababang antas ng kamalayan. Ito ay sang-ayon sa isang pag-aaral na nagpapatunay na habang nagdaraan ang panahon ay nawawala ang kultura ng isang bansa. Ang pag-aaral na may pamagat na "*Modernization and Culture Loss: A Natural Experiment Among Native Amazonians in Bolivia"* ay napag-alaman batay sa resulta ng pag-aaral na ang mga matatanda ay napanatili ang kanilang kultura ngunit ang mga kabataan ay nahaluan na ang kanilang pag-uugali ng mga ugaling dayuhan. Lumabas din sa pag-aaral na ang modernisasyon ay nagdudulot ng malaking epekto sa oryentasyon sa kultura ng mga kabataan, na nag-aalis sa mga lokal na kulutra at napapalitan sa mga makabagong pag-uugali (Jovel, Undurraga, Magvanjav, Gravlee, Huanca, Leonard, McDade, Garcia, Tanner, TAPS Bolivia Study Team, and Godoy, 2012).

Maiuugnay din dito ang pandarayuhan at ang pagyakap ng mga Ifugao sa Relihiyong Protestante. Gaya nga ng napatunayan sa resulta ng pag-aaral ni Huanca (2008) na ang mga misyonaryong Protestante ang nagbawal sa mga tradisyonal na panggagamot at makalumang paniniwala sa mga tao. Ngunit ang karamihan sa naimpluwensiyahan ay ang mga kabataan at hindi ang mga matatanda na napanatili ang kanilang lokal na kultura.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| Tribes | Std. Deviation | Mean | Qualitative Description |
|---|---|---|---|
| ***Tuwali*** | 1.04 | 2.26 | May kamalayan |
| ***Ayangan*** | 1.01 | 2.06 | May kamalayan |
| ***Kalanguya*** | 1.04 | 2.03 | May kamalayan |
| ***Others*** | 0.96 | 1.73 | May kamalayan |
| | ***Over-all*** | **2.02** | ***May kamalayan*** |

**TALAHANAYAN 5: PANGKALAHATANG RESULTA NG KOMPUTASYON NG MGA TUGON *(RESPONSES)* NG MGA TAGATUGON *(RESPONDENTS)***

Ipinakikita sa Ikalimang Talahanayan na ang mga tagatugon ay **may kamalayan** sa iba't ibang kultura ng Ifugao batay sa kabuoang *computed mean* na 2.14. Karamihan sa mga tagatugon *(respondents)* ang nagsabing sila ay **may kamalayan** sa iba't ibang kultura ng mga Ifugao na may promedyong *(mean)* na naglalaro sa pagitan ng *range* na 1.50 – 2.49. Ngunit, may mga tagatugon *(respondents)* na nagsabing sila ay **medyo matindi ang kamalayan** lalo na sa ikawalong kultura na tumutukoy sa ***Moma, Imbango, Momon, Goguie at Ik-ikalon*** *(Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc)*. Ang mga ritwal ng pamamanhikan *(engagement)* na ito ay isinasagawa kung ang lalake ay nagdesisyong mag-asawa na. Kung ang mga magulang ay walang hadlang ay magkakaroon ng pag-aayos kung kailan isasagawa ang moma para malaman ng mga kamag-anak at kapitbahay na may mamamanhikan. Malalaking baboy ang karaniwang nakakatay sa mga ganitong ritwal ng pamamanhikan na may *computed mean* na 2.58, sa ***Honga o Yabyab*** *(Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc)*. Karaniwang isinasagawa ang seremonyang ito para sa mga matatanda. Kadalasan nagpapalitan ang seremonya para sa lolo at lola. Sa seremonyang ito, ibinibigay ng lolo at lola ang kanilang basbas sa kanilang mga anak na may *mean* na 2.59, sa ***Bohwat*** *(Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc)*. Pinakakaraniwan sa lahat ng seremonya sa patay. Ito ang tawag sa unang araw ng patay kung saan nangangatay sila ng baboy para ulamin ng mga nakikiramay. Mabibigyan din ang mga kamag-anak ng karne at mga kapitbahay para ipagbigay alam ang tungkol sa nangyaring pagkamatay na may *mean* na 2.52 at sa ***Bogwa*** *(Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc)*. Paghuhukay at paglalabas ng kalansay ng namatay at ito ay hinuhugasan. Ang bogwa ay pangalawang paglilibing kung saan isinasagawa ang ritwal at pagkakatay ng mga baboy at kalabaw ng pamilyang Ifugao – mahirap man o mayaman na may *mean* na 2.62.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 1 January 2026, eISSN: 2799-0664

Ang *standard deviations* ng mga tugon *(responses)* ay nagpapakita ng konsistent sa mababang *variation* ngunit karamihan sa konsistent na mga tugon ay mula sa *Inagumo/Konong (Hungduan), Gutud (Hingyon).* Ritwal para sa basbas at proteksyon sa panganganak. Ito ay nangangahulugang ang kanilang tugon ay mas konsistent at ang kanilang tugon ay maaaring tama.

Ang resulta ay maiuugnay sa pag-aaral ni Gonzales (2009), na ang mga Ifugao ay nagsasagawa ng mga ritwal sa iba't ibang larangan gaya ng sa kalusugan, pulitika, at agrikultura. Ang ilan sa mga ritwal ay isinasagawa rin para sa pagpapagaling ng sakit, pagtawag sa mga immortal, patnubay, proteksiyon, at pagpapasalamat.

Ayon pa kay Gonzales (na mula kay Shriner, 2007), ang ritwal ng mga Ifugao ay nagbibigay ng karunungang pagkakakilanlan at nakatutulong ang mga sinaunang kaugaliang ito para makabuo ng kamalayan at koneksiyon sa ating mga ninuno at sa mga susunod na henerasyon. Ang debelopmental na transisyon ay nagbibigay ng oportunidad at mga hamon para magkaroon ng negosasyon sa mga nakagawian na at ito ay nakabubuo ng kapaki-pakinabang na mga ritwal na magagamit para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang elaboradong ritwal ay may napakahalagang papel na ginagampanan sa kultura ng mga Ifugao. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga detalye at simbolismo sa mga galaw sa pagsasagawa ng ritwal ay mababanaag ang kahalagahan nito sa buhay ng mga tao Ifugao. Ang nakakatakot sa panahon ngayon ay nawawala na ang mga ritwal na ito dulot ng pagbabagong-isip at relihiyon. Dagdag pa rito ang pagbabago na ng prayoridad at estilo ng pamumuhay ng mga Ifugao. Kaya, mahalaga na saliksikin ito dahil ito ang isang paraan para sa preserbasyon ng mga kultura na hitik sa yaman at sariling atin (Gonzales, 2009).

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| Mga Tanong | Std. Deviation | Mean | Quantitative Interpretation |
|---|---|---|---|
| Kulibag (Hungduan), Ul-ulibag (Hingyon), Konong (Kiangan), Inagumo (Tinoc), Dawdawak (Tinoc). Ritwal para mabawasan ang sakit ng panganganak at para sa ligtas na panganganak. | 0.899 | 1.64 | May Kamalayan |
| Inagumo/Konong (Hungduan), Gutud (Hingyon). Ritwal para sa basbas at proteksyon sa panganganak. | 0.862 | 1.64 | May Kamalayan |
| Oban (Hingyon). Ritwal para sa pagtanggap ng pamilya sa bagong silang na sanggol. | 1.093 | 1.99 | May Kamalayan |
| Tihiop (Banaue), Paad di Makan ya Liting (Hungduan), Tikom (Hingyon). Ritwal para sa magandang kalusugan, mabuting asal ng sanggol paglaki niya. | 0.979 | 1.84 | May Kamalayan |
| Amung (Kiangan). Ritwal para sa pagpapasalamat. | 1.123 | 2.28 | May Kamalayan |
| Folay (Mayoyao). Ritwal pagkatapos putulin ang pusod ng sanggol. | 1.006 | 1.77 | May Kamalayan |
| Kolot (Banaue, Hungduan, Hingyon). Ang kolot ay isang ritwal na isinasagawa sa unang panggugupit sa lalaking anak ng mga Ifugao. Ang unang pagputol sa buhok ay isinasagawa kapag lima hanggang sampung taong gulang na ang bata at sinasamahan ng isang prestihiyosong seremonya na karaniwang ito ay ginagawa ng mayayamang (kadangyan) pamilya ng Ifugao. | 1.115 | 2.10 | May Kamalayan |
| Moma, Imbango, Momon, Gogule at Ik-ikalon (Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Ang mga ritwal ng pamamanhikan (engagement) na ito ay isinasagawa kung ang lalake ay nagdesisyong mag-asawa na. Kung ang mga magulang ay walang hadlang ay magkakaroon ng pag-aayos kung kailan isasagawa ang moma para malaman ng mga kamag-anak at kapitbahay na may mamamanhikan. Malalaking baboy ang karaniwang nakakatay sa mga ganitong ritwal ng pamamanhikan | 1.145 | 2.58 | Medyo Matindi ang Kamalayan |
| Intanig, Timbal, Bubun at Pfong-fong Hingot (Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Pormal na seremonya ng kasal. | 1.114 | 2.42 | May Kamalayan |

11

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| Honga o Yabyab (Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Karaniwang isinasagawa ang seremonyang ito para sa mga matatanda. Kadalasan nagpapalitan ang seremonya para sa lolo at lola. Sa seremonyang ito, ibinibigay ng lolo at lola ang kanilang basbas sa kanilang mga anak. | 1.113 | 2.59 | Medyo Matindi ang Kamalayan |
| Bohwat (Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Pinakakaraniwan sa lahat ng seremonya sa patay. Ito ang tawag sa unang araw ng patay kung saan nangangatay sila ng baboy para ulamin ng mga nakikiramay. Mabibigyan din ang mga kamag-anak ng karne at mga kapitbahay para ipagbigay alam ang tungkol sa nangyaring pagkamatay | 1.117 | 2.52 | Medyo Matindi ang Kamalayan |
| Himong at Baki (Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Ang himong ay pandigmang sayaw na isinasagawa para sa mga pinatay na kamag-anak na sinasamahan ng ritwal na baki o panalangin ng mga mumbaki o pagan priest. | 1.038 | 2.39 | May Kamalayan |
| Bogwa (Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Paghuhukay at paglalabas ng kalansay ng namatay at ito ay hinuhugasan. Ang bogwa ay pangalawang paglilibing kung saan isinasagawa ang ritwal at pagkakatay ng mga baboy at kalabaw ng pamilyang Ifugao – mahirap man o mayaman. | 1.100 | 2.62 | Medyo Matindi ang Kamalayan |
| Honga at Lawit (Banaue, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Ritwal na pagpapagaling ng sakit para sa mga Ifugao. Ang lawit ay ritwal din ng pagpapagaling para sa mga bata. | 1.138 | 2.33 | May Kamalayan |
| Hinalupe, Hidit, Madmad (Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Ritwal para sa mga tatakbo sa eleksyon. Ang ritwal na ito ay isinasagawa para pakinggan ng mga tao ang pangangampanya. Sa ritwal ay isang sisiw ang kailangan ng mumbaki sa kahit anong oras sa gabi at umaga. | 0.999 | 1.89 | May Kamalayan |
| Hongan di page (Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Isa sa mga ritwal na isinasagawa para dumami ang ani. May kakataying hayop para ialay sa mga espiritung itinuturing na magbabantay sa itinanim at mga dios na nasa taas at nasa ilalim ng lupa. | 1.012 | 2.14 | May Kamalayan |
| Kulpi (Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Ito ay ritwal pagpapasalamat na isinasagawa pagkatapos ng matagumpay na pagtatanim ng palay. | 1.104 | 2.26 | May Kamalayan |
| Upi (Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Ito ay ritwal pagkatapos ng pag-aani para humingi ng basbas para sa naaning palay at para sa kaunlaran at kasaganaan ng buong komunidad. | 1.046 | 2.04 | May Kamalayan |
| Hogop (Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Ito ay ritwal para sa bagong bahay. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng isang pagbabasbas ng isang mumbaki sa iba't-ibang bahagi ng bagong bahay bago ito panirahan ng pamilya. | 1.135 | 2.35 | May Kamalayan |
| Kuwe (Banaue, Hungduan, Hingyon, Kiangan, Mayoyao, Tinoc). Ritwal na isinasagawa kung ang nagpapatayo ng bahay ay nagkakasakit. Dahil dito, pansamatalang ihihinto ang paggawa. | 0.939 | 1.73 | May Kamalayan |
| | *Overall* | *2.16* | *May Kamalayan* |
| Kung aktwal na ipapagawa ang mga ritwal batay sa etnikong kinabibilangan, kayang-kaya ba ninyo itong isakatuparan nang wasto? | 0.738 | 1.84 | Di-Masyado |

**C. PAGTATAYA SA HINUHA *(TEST HYPOTHESIS)*: *LEVEL NG SIGNIFICANCE SA 0.05 SIGNIFICANCE LEVEL.***

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Ang *typical cut-off point* ng *0.05 alpha value* ay nagamit upang tukuyin kung tatanggapin o hindi ang *null hypothesis* ng pag-aaral na ito. Ito ang tinatawag na *most common level*, para masiguro na kapanipani-wala ang resulta sa 95%, ibig sabihin, dapat ay may 95% *probability value* para masabi na ang resulta ay katanggap-tanggap o *probably true.*

**Talahanayan 6: *Statistical Significant Difference* sa pagitan ng *Respondent Profiles* at Ifugao Cultures.**

Ipinakikita sa Ikaanim na Talahanayan na sa iba't ibang profayl *variables* ay walang makabuluhang pagkakaiba *(no statistical significant difference)* sa *0.05 significance level* at *95% Confidence Interval.* Subalit, ang *calculated p-values* ay nagpapakita ng napakababang *value* - ibig sabihin na ang *calculated means* sa pamamagitan ng *descriptive statistics* ay totoo, na pinatutunayan naman ng *consistent mean ranging* 1.50 hanggang 2.49. Sa tatlong profayl *variables*, ang kinabibilangang pangkat-etniko *(Ethnic Affiliation)* ay nagpapakita ng mataas na posibilidad na magkakaroon ng *significant difference* kung may pagbabago sa *normal distribution* ng *samples*. Ngunit, sa kabuoang resulta ng komputasyon, napatunayan na ang *null hypothesis* ay tama at dapat itong tanggapin.

Pinatutunayan ng resulta ang kahalagahan ng kamalayan sa kultura *(cultural awareness)* na ito *ang* pundasyon ng komunikasyon at ang kakayahang panindigan ang ating sarili sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kamalayan sa kultura, paniniwala, at persepsiyon (Quappe at Cantatore 2007:1). Sa pamamagitan ng paglinang ng kamalayan sa kultura, tayo ay nagkakaroon ng pag-unawa sa sarili, pagkilala sa ugat na pinagmulan, paggalang sa pinagmulang kultura ng iba, at paggalang sa pagkakaroon ng iba-ibang kultura *(cultural differences)* para sa pang-mundong pagkakaisa (Merk 2003:2). Sa ganito, ang kamalayan sa kultura ng iba ay nagbibigay ng misteryosong pagkilala sa kultura nila na nagdudulot ng mas malawak na pagtingin, kaya, ito ay nakapag-aambag ng pag-unawa sa sariling kultura at ang kabutihan nito. Ito rin ay nagbibigay-daan para magkaroon ng kamalayan ang ibang tao sa iba't ibang kultura ng bawat bansa, na nakapagpapataas ng kanilang pansariling-kamalayan (Etus, 2008).

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Ang kinalabasan din ng pag-aaral na ito ay nagpapatunay na habang nagdaraan ang panahon ay nawawala ang kultura ng isang bansa. Ang pag-aaral na may pamagat na "*Modernization and Culture Loss: A Natural Experiment Among Native Amazonians in Bolivia*". Napag-alaman batay sa resulta ng pag-aaral na ang mga matatanda ay napanatili ang kanilang kultura ngunit ang mga kabataan ay nahaluan na ang kanilang pag-uugali ng mga ugaling dayuhan. Lumabas din sa pag-aaral na ang modernisasyon ay nagdudulot ng malaking epekto sa oryentasyon sa kultura ng mga kabataan, na nag-aalis sa mga lokal na kulutra at napapalitan sa mga makabagong pag-uugali (Jovel, Undurraga, Magvanjav, Gravlee, Huanca, Leonard, McDade, Garcia, Tanner, TAPS Bolivia Study Team, and Godoy, 2012).

Dagdag pa rito, ang elaboradong ritwal ay may napakahalagang papel na ginagampanan sa kultura ng mga Ifugao. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga detalye at simbolismo sa mga galaw sa pagsasagawa ng ritwal ay mababanaag ang kahalagahan nito sa buhay ng mga tao Ifugao. Ang nakakatakot sa panahon ngayon ay nawawala na ang mga ritwal na ito dulot ng pagbabagong-isip at relihiyon. Dagdag pa rito ang pagbabago na ng prayoridad at estilo ng pamumuhay ng mga Ifugao. Kaya, mahalaga na saliksikin ito dahil ito ang isang paraan para sa preserbasyon ng mga kultura na hitik sa yaman at sariling atin (Gonzales, 2009).

Napapanahon ang pananaliksik na ito para alamin ang kamalayan ng mga kabataang Ifugao sa mga piling sinaunang kultura para mapanatili ang kaalaman at maisalin pa ito sa susunod na henerasyon. Ang mga sinaunang kaugalian ay napakahalaga na maisalin sa mga milenyal dahil ito ang pagkakalinlan *(identity)* at kultura ang tanging yaman ng mga Ifugao na puwedeng ipagmalaki sa iba. Ang resulta ng pag-aaral para sa mga kaukulang plano na nakatutulong para sa *Cultural Recovery* ng mga kabataang milenyal na Ifugao.

| Profile | F | p-Value | Qualitative Description |
|---|---|---|---|
| ***Age*** | 1.609 | 0.222 | Not Significant |
| ***Course*** | 2.356 | 0.199 | Not Significant |
| ***Ethnic Affiliation*** | 3.709 | 0.075 | Not Significant |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 1 January 2026, eISSN: 2799-0664

## IV. KONKLUSYON

Batay sa naging resulta, narito ang konklusyon ng pag-aaral.

1. Ang mga mag-aaral na milenyal na nasa Unang Tersarya ng Ifugao State University ay may kamalayan sa mga sinaunang kultura ng Ifugao ngunit hindi sila bihasa sa pagsasagawa ng aktuwal sa mga ito.

2. Kailangang maituro nang masinsinan ang mga piling sinaunang kultura ng mga Ifugao sa mga milenyal para ito ay hindi mawala.

## V. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na mungkahi ay nabuo:

1. Dahil sa nakaka-alarmang resulta ng pag-aaral na ito ay iminumungkahi na paigtingin pa at magkaroon ng iba pang pag-aaral hinggil sa indibidwal na piling sinaunang kultura ng mga Ifugao para masinsinang mapag-aralan ang mga detalye at malalimang mabusisi ang dahilan kung bakit hindi bihasa ang mga milenyal sa kanilang kultura.

2. Ang pagsasagawa ng *impact analysis study* hinggil naman sa isasagawang serye ng *cultural recovery training workshops* ay makatutulong nang malaki para maisakatuparan ang unang hakbang para sa pag-agaw ng atensyon ng mga mag-aaral para yakaping muli ang kanilang kultura na yaman ng lahi.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## REFERENCES

[1.] Alberto, E. et al. (2011). *Ifugao Indigenous Knowledge (IK) Workbook.* Ifugao State University, Lamut, Ifugao.
[2.] Gonzales, N. P. et al. (2009). *The Precis of Ifugao Rituals in the Life Cycle of Man, Health, Economics, Politics and Agriculture.*
[3.] Hoffman et al. (2015). *Cultural Awareness Training: Preparing New Instructors for the Millenials.*
[4.] Huanca, T. (2008). *Tsimane Oral Tradition, Landscape and Identity in Tropical Forest.* La Paz: Wa-Gui.
[5.] Jovel, K. V. et al. (2015). *Modernization and Culture Loss: A Natural Experiment Among Native Amazonians in Bolivia.* Heller School, Brandeis University, Waltham, MA 02454, USA
[6.] Luka, Ineta & Janis Eriks Niedritis (2012). *Promoting Prospective Managers' Cultural Awareness in Tertiary Level Tourism Studies.* School of Business Administration *Turība*, Latvia
[7.] Patak, A. A., Sahril, S., & Wello, M. (2018). *Exploring the Cultural Awareness of Students Majoring in English: A Case Study.* International Journal of Humanities and Innovation (IJHI), 1(4), 210-217.
[8.] Rasmussen, Tanya M., Chris Lloyd & Trish Wielandt. (2005). *Cultural Awareness Among Queensland Undergraduate Occupational Therapy Students*. First published: 10 August 2005
[9.] https://www.huffingtonpost.com/stanley-knick/traditional-culture-and-m_b_655992.html
[10.] https://johnraymondjison.wordpress.com/tag/ifugao/
[11.] https://ecommons.udayton.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1479&context=bcca
[12.] http://aurora.turiba.lv/bti/Editor/Manuscript/Proceeding/EN_Luka_Niedritis.htm
[13.] https://doi.org/https://doi.org/10.33750/ijhi.v1i4.25
[14.] https://www.culturalsurvival.org/publications/cultural-survival-quarterly/ifugao-knowledge-and-formal-education-systems-learning
[15.] https://eric.ed.gov/?id=ED232764
[16.] https://www.jstor.org/stable/2657288

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## PANUKALANG PROGRAMA PARA SA CULTURAL RECOVERY

**PROGRAMANG AKTIBIDAD |**

Tema: *Sinaunang Piling Kultura Panatilihin at Ipasa sa Susunod na Henerasyon para Pagyamanin*

| Petsa *(Date)* | Mga Aktibidad *(Activities)* | Lugar *(Venue)* | Mga Gagawa *(In-cahrge)* |
|---|---|---|---|
| Enero | - Planning at brainstorming.<br>- Pagbuo ng *Training Design* ukol sa serye ng *training-workshop* ukol sa *Cultural Recovery Program* para sa mga mag-aaral ng IFSU. | - Ifugao State University | - Proponent<br>- Extension Services<br>- Socio-cultural Affairs |
| Pebrero | - Pakikipag-ugnayan sa NCIP ng probinsiya at mga *knowledge holders* na magsisilbing *resource speakers* para sa naturang *training-workshop*.<br>- Pagbuo ng MOA sa pagitan ng IFSU at mga Ahensiyang may kaugnayan sa promosyon ng kultura (NCIP, DepEd, SWK, at KWF) | - Ifugao State University<br>- Provincial Capitol ng Ifugao | - Proponent<br>- Extension Services<br>- Socio-cultural Affairs<br>- Sentro ng Wika at Kultura (SWK) |
| Marso | - Pagbuo ng mga<br>para sa isasagawang *training-workshop* at pagkuha ng pagpapatibay ng Pamantasan para sa serye ng mga *training-workshops* na dadaluhan ng mga piling mag-aaral ng IFSU.<br>- Kung napagtibay, pagpapamudmod ng mga imbitasyon at liham sa mga *resource speakers* at mga kalahok. | - Ifugao State | - Proponent<br>- Socio-cultural Affairs<br>- Sentro ng Wika at Kultura (SWK)<br>- DSSD |
| Abril | - Paghahanda para sa mga magagamit sa naturang aktibidad at pakikipag-ugnayan sa mga *Technical Working Group* ng Pamantasan para sa Lugar, *Sound system* at Ilaw.<br>- Pakikipag-ugnayan sa Socio-cultural Affairs, SWK at DSSD para sa kanilang gampanin sa naturang aktibidad. | - Ifugao State University | - Proponent<br>- Extension Services<br>- Socio-cultural Affairs<br>- Sentro ng Wika at Kultura (SWK)<br>- DSSD |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| | - Pakikipag-ugnayan sa *catering services* para sa pagkain at miryenda. | | |
| Mayo | - Pakikipag-ugnayan sa *accommodation services* para sa paghahanda ng matutuluyan ng mga *resource speakers* at bisita. | - Ifugao State University | - Proponent<br>- Socio-cultural Affairs<br>- Sentro ng Wika at Kultura (SWK)<br>- Income Generating Project (IGP) |
| Hunyo | - Serye ng pagpupulong para sa mga ginawang paghahanda.<br>- Paglilista ng mga posibleng pangangailangan pa para sa *training workshop* gaya ng dokumentasyon at *video taking*. | - Ifugao State University | - Proponent<br>- Socio-cultural Affairs<br>- Sentro ng Wika at Kultura (SWK)<br>- Income Generating Project (IGP) |
| Hulyo | - Pag-finalize sa lahat para sa unang pagsasagawa sa Buwan ng Agosto 2021 | - Ifugao State University | - Proponent<br>- Socio-cultural Affairs<br>- Sentro ng Wika at Kultura (SWK) |
| Agosto | - Unang Pagsasagawa para sa IFSU *Cultural Recovery Training-Workshop*. | - Ifugao State University – Lamut Campus | - Proponent<br>- Socio-cultural Affairs<br>- Sentro ng Wika at Kultura (SWK)<br>- Documentation Team |
| Setyembre | - Ikalawang Pagsasagawa para sa IFSU *Cultural Recovery Training-Workshop*. | - Ifugao State University – Lagawe Campus | - Proponent<br>- Socio-cultural Affairs<br>- Sentro ng Wika at Kultura (SWK)<br>- Documentation Team |
| Oktubre | - Ikatlong Pagsasagawa para sa IFSU *Cultural Recovery Training-Workshop*. | - Ifugao State University – Potia Campus | - Proponent<br>- Socio-cultural Affairs<br>- Sentro ng Wika at Kultura (SWK)<br>- Documentation Team |
| Nobyembre | - Ikaapat na Pagsasagawa para sa IFSU *Cultural Recovery Training-Workshop*. | - Ifugao State University – Aguinaldo Campus | - Proponent<br>- Socio-cultural Affairs<br>- Sentro ng Wika at Kultura (SWK)<br>- Documentation Team |
| Disyembre | - Ika-lima na Pagsasagawa para sa IFSU *Cultural Recovery Training-Workshop*. | - Ifugao State University – Hapao Campus | - Proponent<br>- Socio-cultural Affairs<br>- Sentro ng Wika at Kultura (SWK)<br>- Documentation Team |
| Enero | - Ikaanim na Pagsasagawa para sa IFSU *Cultural Recovery Training-Workshop*. | - Ifugao State University – Tinoc Campus | - Proponent<br>- Socio-cultural Affairs<br>- Sentro ng Wika at Kultura (SWK)<br>- Documentation Team |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved